# 1872-1898: Uri at Kasarian sa Gitna ng Ekonomikong Pagbabago ng mga Huling Dekada ng ika-19 na Siglo sa mga Nobela ni Patricio Mariano*

*1872-1898: Class and Gender Amidst the Economic Change of the Last Decades of the 19th Century in the Novels of Patricio Mariano*

**CHRISTOPHER MITCH C. CERDA**


## ABSTRAK

Tinatalakay ng sanaysay na ito ang tatlong nobela ni Patricio Mariano at kung paano inilarawan ang huling tatlong dekada ng kolonyalismong Espanyol. Bagaman nailathala sa pagitan ng 1906-1913, nakatagpo ang tatlong nobelang Juan Masili o Ang Pinuno ng Tulisan (1906), Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak (1908), at Ang Tala ng Panghulo (1913) sa pagitan ng mga taong 1872-1898. Nais ikatwiran ng sanaysay na ito ang halaga ng kasaysayan sa panulat ni Mariano. Hindi ito tulad ng naunang mga puna ng mga kritiko na nagsasabing hindi mahalaga o hindi lubos na naiugnay ang lunang pangkasaysayan ng mga nobela sa kuwentong romantiko ng mga tauhan. Sa partikular, nais ikatwiran ng sanaysay ang halaga ng lunang pangkasaysayan at panlipunan, lalo na ang usaping pang-ekonomiya at pangkasarian, sa binubuong kamalayang pangkasaysayan at kamalayang makabayan para sa mga mambabasang Pilipino ng unang dalawang dekada ng ika-20 siglo. Ikakatwiran na ginagamit ni Mariano ang kasaysayan sa isang alegorikong paraan upang ilahad ang ugat ng nasyonalismong Pilipino at kung paano maaaring maabot ang tinatamasang kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas.


*Mga Susing Salita: Kolonyalismong Espanyol, nasyonalismong Pilipino, nobelang pangkasaysayan, alegoryang pangkasaysayan, uri, kasarian*

---

* Ang naunang bersiyon ng sanaysay na ito'y binigkas bilang panayam sa onlayn na kumperensiyang "The Philippines, Spain, and Globalization, Sixteenth Century to the Present" na inorganisa ng journal na Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints ng Ateneo de Manila University. Ginanap ang kumperensiya noong Hulyo 23-24, 2020.

## ABSTRACT

This essay discusses the three novels of Patricio Mariano and how these novels depict the last three decades of Spanish colonialism. Even though these were published between 1906-1913, the novels Juan Masili o Ang Pinuno ng Tulisan (1906), Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak (1908), and Ang Tala ng Panghulo (1913) were set between the years 1872-1898. This essay argues that history as both theme and setting is important in Mariano's writing. This is different from past critiques and analysis that dismiss his use of historical setting as disconnected from the romantic plots of his characters. In particular, the essay argues the importance of the historical and social milieu, in the realm of economic and gender discourse and in creating historical and national consciousness for the Filipino readers in the first two decades of the 20th century. It would be argued that Mariano uses history in an alegorical way to show the roots of Filipino nationalism and how the desired freedom and independence of the Philippines can be achieved.



*Keywords: Spanish colonialism, Filipino nationalism, historical novel, historical allegory, class, gender*


## PANIMULA

Higit na pinahahalagahan si Patricio Mariano bilang isang manunulat ng mga dula at hindi bilang isang nobelista. Halimbawa, sa sanaysay na "Si Patricio Mariano at ang Kasiningan ng Kanyang mga Dula" ni Nenita Escasa, binigyang-tuon lamang ang kaniyang mga dula (322). Sa CCP Encyclopedia of Philippine Arts, ang biyograpiya ni Patricio Mariano'y matatagpuan sa tomo ng Teatro at hindi sa Panitikan. Dahil sa higit na pagpapahalaga kay Mariano bilang mandudula'y binigyang-tuon ni Virgilio S. Almario ang kaniyang pagsusuri sa *Ang Tala sa Panghulo* sa mala-dula nitong katangian (116). Maging si Consolacion R. Alaras sa kaniyang paunang salita sa edisyong 1972 ng *Ang Tala sa Panghulo* ay kinilala ang ganitong kakulangan sa pagpapahalaga kay Mariano bilang nobelista (ii).

Ngunit kailangang muling balikan ang ambag ni Patricio Mariano sa panitikang Filipino lalo na ang kaniyang pagiging nobelista ng mga nobelang pangkasaysayan. Tatlong nobela ni Mariano ang tatalakayin sa pagsusuring ito: ang *Juan Masili o Ang Pinuno ng Tulisan* (1906), *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* (1908), at *Ang Tala sa Panghulo* (1913). Iba't iba ang paksa ng bawat nobela ngunit nakapaloob sa halos iisang panahong pangkasaysayan—ang huling tatlong dekada ng kolonyalismong Espanyol mula 1872 hanggang 1898. Sadya ang paulit-ulit na pagbabalik ni Mariano sa sandaling ito ng kasaysayan at ang nais itulak na argumento sa papel ay may partikular na katwirang pangkasaysayan na binubuo't inilalahad si Mariano gamit ang panahong ito sa kaniyang mga nobela. Bagaman maiikli ang *Juan Masili* at *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* kumpara sa *Ang Tala sa Panghulo*, mahalagang basahin ang tatlong nobela nang magkakatabi upang lubos na maunawaan ang katwirang ito ni Mariano. Gayundin, hindi lamang simpleng tagpuan ang panahong pangkasaysayang ginagamit ni Mariano. Itutulak ng pagsusuring ito na ang lunang pangkasaysayan sa mga nobela ni Mariano'y mahalagang salik o elemento sa kaniyang panulat lalo na ang usapin ng kamalayang makabayan sa gitna ng kolonyalismong Amerikano.

## TUNGKOL KAY PATRICIO MARIANO

Ipinanganak si Patricio Mariano noong 1877 sa Santa Cruz, Maynila. Nag-aral siya sa Ateneo Municipal de Manila at Colegio de San Juan de Letran. Nakamit niya ang kaniyang batsilyer mula sa Liceo de Manila. Naging manggagawa siya sa pagawaan ng tipograpiya at estereograpiya ng katipunerong si Jose Dizon, at sumali sa Himagsikan ng 1896. Noong 1898 naman ay isa siya sa mga naging pangunahing katiwala ni Ambrosio Rianzares Bautista, isa sa mga pangunahing tagapayo ni Emilio Aguinaldo at ang nagsulat

ng Deklarasyon ng Kasarinlan ng Pilipinas. Dahil sa kaniyang karanasan sa imprenta, naging tagapamahala si Mariano ng Imprenta de Malolos at nagsulat para sa mga pahayagang *El Herardo de la Revolucion* at *Ang Kaibigan ng Bayan*.

Noong panahon ng kolonyalismong Amerikano'y nagpatuloy sa pagsusulat si Patricio Mariano. Naging manunulat at patnugot siya sa mga pahayagang *Kalayaan, Muling Pagsilang, Lunas ng Bayan, La Feria de Novedades, La Vanguardia, Taliba, La Opinion,* at *El Debate*. Nagsulat siya ng mga dula tulad ng *Sampaguita*, na itinanghal sa Teatro Zorrilla noong 1901; *Ang Silanganan*, na itinanghal sa Teatro Rizal noong 1904; at *Ang Pakakak*, na itinanghal sa Manila Grand Opera House noong 1914. Ang pinakapopular niyang sarsuwela, *Ang Anak ng Dagat*, ay itinanghal sa Teatro Zorrilla noong 1921. Isinalin din niya ang *Noli Me Tangere* (1923) at *El Filibusterismo* (1911) ni Jose Rizal sa wikang Tagalog. Ilan sa mga nobela niya ay *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* (1908), *Mga Anak-Dalita* (1911), *Tala sa Panghulo* (1913), at *Ubod ng Isang Bulaklak* (1936). Isang maikling nobela ang *Juan Masili o Ang Pinuno ng Tulisan* na nailathala noong 1906. Mamamatay si Patricio Mariano sa taong 1935 dahil sa tumor sa leeg (Galang 678-679).

## ANG BUOD NG MGA NOBELA

### *JUAN MASILI O ANG PINUNO NG TULISAN*

Umiikot ang maikling nobela kay Juan Masili at sa grupo ng mga tulisang pinamumunuan niya. Anak ng mga magsasaka si Juan Masili. Noong siya ay 18 taon gulang, gagahasain ang kaniyang ina ng isang Kapitan Tiago at mamamatay kalaunan. Tatangkaing maghiganti ng ama ni Juan ngunit hindi ito magtatagumpay at sa halip ay makukulong pa nga dahil diumano sa krimen ng pagnanakaw. Ikukulong din si Juan kasama ng kaniyang amang mamamatay sa bilangguan. Pag-uwi ni Juan ay wala na ang bangkay ng kaniyang ina na ipinalibing na pala ng isang mabuting kapitbahay. Kukupkupin ng kapitbahay na ito si Juan at pag-aaralin pa sa Maynila kasama ng sariling anak nito.

Lilipas ang pitong taon at muling makakatagpo ni Juan si Kapitan Tiago sa isang piging. Dahil sa galit ay muntik na niyang mapatay si Kapitan Tiago at napilitan siyang tumakas. Sasali sa mga tulisan si Juan at mabilis na magiging pinuno nila. Babaguhin niya ang pamamalakad ng mga tulisan. Hindi na sila basta-basta nanghaharang sa daan o nagnanakaw sa mga bayan-bayan. Ang mayayaman na lamang ang pagnanakawan ng mga tulisan ni Juan. Gayundin, titira na ang mga tulisan sa bayan nila at gagalaw lamang kapag iniutos niya.

Sa simula ng nobela'y binabantayan ni Juan at ng kaniyang mga tulisan ang bahay ni Tininting Moneng dahil sa kaniyang anak na si Benita. Ipinagkasundong ipakasal si Benita kay Kapitan Ape, isang mayamang kababayan nina Tininting Moneng at Benita. Naghahanda nang magpakamatay si Benita dahil hindi niya mahal si Kapitan Ape kundi ang isang binatang nagngangalang Enrique. Ngunit bago pa man matuloy ang pagpapakamatay ni Benita ay nagkakagulo na sa bahay ni Kapitan Ape dahil sinilaban ito ng mga tauhan ni Juan Masili. Sa gitna ng kaguluha'y pumuslit sina Pating at iba pang mga tulisan sa bahay ni Tininting Moneng upang kunin si Benita. Makakatakas ang mga tulisan kasama si Benita habang mamamatay sa sunog si Kapitan Ape dahil tinangka nitong pumasok sa kaniyang nasusunog na bahay at iligtas ang nasusunog nitong yaman.

Dinala ng mga tulisan sa kanilang kuta, isang yungib sa San Mateo, si Benita. Sa kabilang bahagi ng kuta'y may bihag na isang lalaki na kalauna'y malalaman ng mambabasang si Enrique. Dito magiging malinaw na pakay talaga ni Juan Masili na iligtas si Benita mula sa kasal na hindi nito gusto at muling pagsamahin ang magkasintahang Benita at Enrique. Malalaman ding si Enrique pala ang anak ng mabuting kapitbahay na umampon kay Juan Masili. Makatatanggap na lamang si Tiniting Moneng ng liham na nagpakasal na si Benita kay Enrique. Ibubunyag na isang Pedro Gatmaitan, ang tunay na pangalan ni Juan Masili, ang magiging saksi't ninong ng dalawang mangingibig. Hindi na maririnig ang tungkol kay Juan Masili simula noong taong 1892.

### *ANG BUNGA NG NALANTANG BULAKLAK*

Umiikot naman ang nobelang *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* sa relasyon nina Pinang, isang sigarera, at kasintahang si Densio. Pagkatapos ng trabaho ni Pinang sa pabrika, yayayain siya ni Densio sa santakrusan sa kalyeng Abra. Umalis ng bahay si Mang Bastian, ang ama ni Pinang, upang magtungong Sampalok. Habang nagbibihis si Pinang ay darating si Densio't papasok ng bahay pagkatapos kumatok sa pinto. Magtatalik ang dalawa dahil na rin sa kapusukan ng kanilang mga damdamin.

Mabubuntis si Pinang at nang ipaaalam niya ito kay Densio, yayayain siya nitong sumama sa Iloilo. Dito naatasan si Densio na pamunuan ang bagong bukas na platerya. Ngunit tatanggi si Pinang dahil hindi niya kayang iwan si Mang Bastian kaya mag-isang tutulak si Densio patungong Iloilo. Umaasa si Pinang na tatanggapin ni Mang Bastian ang kaniyang pagbubuntis ngunit bubugbugin siya nito at iiwan dahil sa kahihiyan. Hindi na magbabalik si Mang Bastian at aalis na rin ng Maynila si Pinang patungong Paete, Laguna.

Dalawampung taon ang lilipas. Makapag-aaral sa Maynila ang anak ni Pinang ngunit magtutungong Cavite pagsiklab ng Himagsikan. Hulyo ng 1898 sa bayan ng S. Bernardo, naghahanda ang mga sundalong Pilipino na lusubin ang mga Espanyol. Isa sa mga sundalo si Densio. Bago magsimula ang paglusob sa S. Bernardo, ipakikilala ang isang binatang koronel na iniligtas ni Densio mula sa panganib. Nang nasa rurok na ng labanan ang mga Pilipino at Espanyol, muling ililigtas ni Densio ang batang koronel. Haharangin ni Densio ang bayoneta ng kasador habang mapapatay naman ng koronel ang kasador.

Magwawagi ang mga sundalong Pilipino dahil dalawa sa tatlong sundalong Espanyol ay mamamatay o masusugatan habang kalahati lamang sa mga sundalong Pilipino ang mamamatay o masusugatan. Darating ang ina ng koronel sa gitna ng pagdiriwang at dito'y ipakikilala ng koronel ang kaniyang ina sa lalaking dalawang beses na nagligtas sa kaniyang buhay. Sa dulo'y malalamang si Densio ang tenyenteng nagligtas sa koronel at si Pinang ang ina ng koronel. Matatapos ang nobela sa maligayang pagsasama ng pamilyang higit 20 taong nawalay.

### *ANG TALA SA PANGHULO*

Tungkol naman ang nobelang *Ang Tala sa Panghulo* kay Berta, isang dalagang galing Panghulo na nagbebenta ng ampaw sa Maynila. Ipakikilala si Berta bilang pangunahing tagapagtaguyod ng pamilyang umampon sa kaniya. Naging ina-inahan niya si Nana Sula, ang umampon sa kaniya pagkatapos mamatay ang kaniyang tunay na ina. Gayundin, siya na ang naging tagapag-alaga nina Elang at Enrique, mga inampon din ni Nana Sula. Habang naglalako sa Maynila ay makikilala't iibig si Berta kay Luciano, isang mayaman at edukadong binata. Araw-araw halos pinapakyaw ni Luciano ang ibinibenta ni Berta. Sa mga pagdalaw ni Berta sa bahay ni Luciano'y makikilala niya si Lucia, dating kasintahan ni Luciano na madalas pumupunta sa bahay ng binata. Inaakit ni Lucia si Luciano upang magkabalikan sila at kung mangyari ito'y iiwan ni Lucia ang asawang si Tinong. Hindi masaya si Lucia sa piling ni Tinong dahil sa pagiging sugarol at gastador nito at nagsisisi si Lucia na iniwan niya si Luciano. Ngunit hindi tinatanggap ni Luciano ang mga alok ni Lucia na magkabalikan sila at pinapayuhan na lamang na ayusin ang relasyon nito kay Tinong.

Kasabay nito'y inaakala ng mga tao na nagkakapalagayang-loob sina Luciano at Ine, ang pamangkin ng kapitbahay ni Luciano. Kaya't isang binatang nagngangalan ding Tinong ang nagselos kay Luciano. Nang mangaso si Luciano sa isang lugar na malapit sa Panghulo, babarilin siya sa dibdib ni Tinong at iiwan siyang sugatan. Sasaklolohan siya ni Berta na malapit lamang sa pinangyarihan ng pamamaril.

Sa tulong ni Dr. Gervacio, isang mabuting doktor, aalagaan ni Berta si Luciano hanggang gumaling ito. Habang binabantayan niya si Luciano'y babasahin ni Berta ang aklat na isinulat at iniwan ng kaniyang ina. Dito malalaman ni Berta kung paanong nagkaibigan ang kaniyang mga magulang na sina Sinay at Pedro. Mula pa noong bata'y magkakilala't magkaibigan na ang dalawa ngunit titigil sa pag-aaral si Pedro dahil kinailangan niyang magtrabaho't maging platero. Iibig si Sinay kay Pedro at mabubuntis siya subalit hindi ito matatanggap ng amang si Kapitan Lino kaya bubugbugin siya nito. Nang makatakas si Sinay patungong Panghulo'y halos nasa bingit na siya ng kamatayan subalit sa kabutihang palad ay kukupkupin at aalagaan siya ni Nana Sula. Bukod sa mga sulat, iniwan din ni Sinay kay Berta ang isang kahon na maaari lamang buksan sa sandali ng pangangailangan.

Habang nagpapagaling si Luciano sa Panghulo'y dumalaw si Berta sa bahay ni Luciano sa Maynila. Matatagpuan niyang pinagnakawan na ang bahay ng katiwala nito. Tutulungan si Berta ni Mang Pedro, ang kapitbahay at tiyo ni Ine, na maayos ang mga kakailanganin ni Luciano habang nagpapagaling ito. Dito malalaman ni Mang Pedro na siya ang ama ni Berta nang makita niya ang kahong pagmamay-ari ni Berta. Isasalaysay kung paanong ipinatapon si Pedro sa Balakbak matapos siyang ipaaresto ni Kapitan Lino. Ngunit dahil kakaibiganin niya ang alkalde ng bilangguan, maagang makakalabas si Pedro. Lilipat si Pedro sa Iloilo at doo'y magiging platero at makapagpupundar ng dalawang bahay na bato at ilang tubuhan.

Nagbalik siya sa Maynila upang hanapin si Sinay at ang kanilang anak. At sa di inaasahang pagkakatao'y magkikita silang dalawa ni Berta sa Panghulo dahil na rin sa pagtulong ni Pedro kay Luciano.

Pagkatapos ng madamdaming pagtatagpo ng nawalay na mag-ama'y magtatapat na sina Luciano at Berta ng pagmamahal sa isa't isa. Isang taon pagkatapos, magpapadala ng liham si Berta kay Mang Pedro sa Iloilo upang sabihing ibenta na ang kaniyang mga ari-arian doon. Nakasaad sa liham na naghihintay sina Berta, Luciano, at ang kaniyang unang apo sa kaniyang pagbabalik sa Maynila. Tatapusin ang nobela sa isang sipi mula sa diyaryo na nagbabalita ng pagkamatay ni Lucia, na naging isang puta, sa kamay ng asawa nitong si Tinong dahil sa selos.

## MGA PAUNANG PUNA SA MGA NOBELA

Sa kaniyang panimula para sa edisyong 1972 ng *Ang Tala ng Panghulo*, binibigyang halaga ni Consolacion R. Alaras ang kasiningan at realismo ng mga nobela ni Patricio Mariano (iv). Gayundin, mapapansin ni Alaras ang higit na pamamayani ng pag-asa sa mga akda ni Mariano kung ikukumpara, halimbawa, sa mga akda ni Precioso Palma (vi-vii). Ngunit hindi binigyang-pansin ni Alaras ang paggamit ni Mariano ng kasaysayan o tiningnan ang mga nobela ni Mariano bilang mga nobelang pangkasaysayan.

Sa *Origins and Rise of the Filipino Novel* ni Resil B. Mojares, binigyang-pansin ang dalawa sa tatlong nobelang ito ni Patricio Mariano. Sa *Juan Masili*, inilarawan niya ang katangian nito bilang isang akdang niroromantisa ang mga tulisang katulad ni Juan Masili bilang mala-Robin Hood na nagnanakaw sa mayayaman at tumutulong sa mahihirap. Gayundin, kakikitaan ang nobela ng tunggalian sa pagitan ng mga uri dahil sa kuwentong-buhay ni Juan Masili. May bahagya rin itong paggamit ng kasaysayan bagaman higit na natatabunan ito ng romantikong elemento ng nobela (186-189).

Babasahin naman ni Mojares *Ang Tala sa Panghulo* bilang mahalagang halimbawa ng nobelang tumutungo sa higit na elaborasyon sa tema ng pag-ibig (243). Para sa kaniya, itinatanghal ng nobela ang mga pangunahing birtud tulad ng pagtitiis, pagtitimpi, at pagmamalasakit sa kapwa. Gayundin, may tema rin ito ng pagwawagi ng kabutihan laban sa kasamaan. Panapos na husga ni Mojares:

> *The novel reelaborates on the elements of our hypothetical conventional plot. One sees in it the movement towards the stereotyping of this plot for purposes of popular instruction and entertainment. Except for a few innovations—in the sequence of the presentation and the relative economy of execution—this novel exhibits no significant advance to the novels before.* (243-244)

Sa ganitong husga, pangkaraniwan o tipikal na nobela ng pag-ibig ang *Ang Tala sa Panghulo* at hindi isang nobelang pangkasaysayan.

Para naman kay Virgilio S. Almario, pinahahalagahan niya *Ang Tala sa Panghulo* bilang nobela ng pag-ibig at nobela ng kaugaliang katutubo. Isa raw itong tanda ng impluwensiya ng *costumbrismo* ng *Ninay* ni Pedro Paterno (116). Puno rin ng tatsulok ang pag-iibigan sa nobela katulad ng kinasangkutan nina: (1) Luciano, Berta, at Lucia; (2) Luciano, Lucia, at Tinong; at (3) Luciano, Ene, at Tinong (116-118). Sa ganitong komplikadong pagtatatsulok, maaaring ipakita ng manunulat ang kaniyang "galing." Bukod dito'y pinahahalagahan ng nobela ang paglalarawan nito sa katutubong kaugalian. Sa partikular, itinatanghal ng nobela ang paggalang sa kababaihan, ang pakikipagtulungan ng magkakapitbahay, at maging ang kabutihang loob ng mga indibidwal tulad ni Dr. Gervacio na tumulong magpagaling kay Luciano nang libre (118-119). Ngunit, tulad ng nabanggit na, tila pupunahin ni Almario ang mala-dulang paglalatag ni Mariano ng mga eksena sa nobela (120-122). At tulad ni Mojares, hindi niya babasahin *Ang Tala sa Panghulo* bilang isang nobelang pangkasaysayan.

Pupunahin naman ni Soledad Reyes sa kaniyang *Ang Nobelang Tagalog, 1905-1975: Tradisyon at Modernismo* ang mga nobelang *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* at *Ang Tala sa Panghulo* sa hindi lubos na paggamit sa kaligirang pangkasaysayan. Wika ni Reyes sa *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak*, "Bagamat [sic] ginamit na tagpuan sa nobela ang Rebolusyon, hindi nagkaroon ng mahalagang papel ang digmaan maliban sa pagiging instrumento sa pagkikilala ng mag-amang nagkahiwalay (34)." Dagdag naman ni Reyes tungkol sa *Ang Tala sa Panghulo* sa pagsisimula ng nobela sa taong 1872, ang taon ng pagkakabitay sa Gomburza, "... kapansin-pansin na hindi man lang nabanggit sa nobela ang mahalagang pangyayaring ito sa kasaysayan (35)." Bagaman kinikilala ni Reyes

ang elemento ng kasaysayan sa mga nobelang ito, hindi niya kikilalanin ang dalawang nobela bilang mga nobelang pangkasaysayan.

Mapapansin sa mga puna nina Mojares, Almario, at Reyes ang pangkalahatang tendensiya na tingnan ang mga nobela ni Mariano bilang mga romantikong akda ng pag-ibig at ng pamilya ngunit hindi bilang mga nobelang pangkasaysayan. Tinitingnan ang makasaysayang tagpuan o kaligiran bilang telon o backdrop lamang ng mga pangyayari at wala halos itong halaga sa pag-unawa sa mga nobela. Sa ganito'y higit na pahahalagahan si Mariano bilang isang manunulat ng nobelang romantiko at hindi bilang isang nobelistang pangkasaysayan. Isa itong malaking pagkukulang sa naunang kritikal na pagsusuri sa mga nobela ni Mariano.

Bagaman may pag-uugnay na sa kasaysayan ang suri ni Reyes sa nobelang *Ang Tala sa Panghulo* sa kaniyang sanaysay na "Love Spurned and the Role of Class in Three Tagalog Novels (1913-1933)" at sa kaniyang panimula sa sariling salin ng nobela tungong Ingles na *The Star of Panghulo*, nananatili pa rin itong kulang. Sa dalawang sanaysay na ito'y iniugnay ni Reyes ang tema ng pag-ibig sa usaping panlipunan kung kailan isinulat at inilathala ang nobela (unang bahagi ng kolonyalismong Amerikano). Wika ni Reyes:

> *Writing in an era when novelists and dramatists alike were attuned to the mind-boggling changes being imposed by the new colonial regime, dramas and novels took on an urgent task—to contain insidious Western influences through their pen, and in some works, condemn the evils of colonialism. This then is [the] socio-political context against which to view Mariano's* Ang Tala sa Panghulo. ("Love Spurned" 102-103)

Pinahahalagahan ni Reyes ang mga nobelang pag-ibig—kasama *Ang Tala sa Panghulo*—sa konteksto kung kailan isinulat at inilathala ang mga ito. Ngunit lubhang estatiko ang pananaw ni Reyes sa kasaysayan na nakatuon sa tematikong pagbasa sa nobela. Nariyan ang pagtingin sa mga karakter na babae bilang butihing birhen tulad ni Berta, matiising babae tulad ni Sinay, at babaeng kabit tulad ni Lucia. Titingnan naman ang mga lalaki bilang mangingibig tulad nina Luciano at Pedro; bilang kontrabida tulad nina Kapitan Lino at Tinong; at bilang mga amang sakim (Kapitan Lino) at mabuti (Mang Pedro). Para kay Reyes, nagiging mahalaga ang paglalarawang ito sa nasabing mga tauhan dahil itinatanghal ang mga halagahin (values) na sinusuportahan o tinutuligsa sa nobela. Malinaw na tinutuligsa ng nobela ang sistemang patriyarkal at konserbatibong pananaw tungkol sa kapurihan ng mga babae. Gayundin, sinusuportahan ng nobela ang pananaw na bumabatikos sa pagiging lehitimo't di-lehitimo ng mga anak na ipinanganak sa labas ng kasal (Reyes, "Introduction" ix-xix).

Tulad ni Almario, inilarawan ni Reyes ang pagpapahalaga sa *Ang Tala sa Panghulo* na pagpapaalala o pagtatanghal ng mga "katutubong" kaugaliang unti-unti nang nawawala sa pagpasok ng impluwensiyang Amerikano sa lahat ng aspekto ng buhay. Wika ni Reyes:

> *History in a flux, as a result of ongoing interconnected process, was frozen for posterity in Patricio Mariano's 1913 novel. In* The Star of Panghulo, *the twenty-first century reader is offered not only glimpses into an irretrievable past with its values and ideals, but into psychologically astute and heartwarming narratives of love set in the teeming but threatening world of Manila, on one hand, and the idyllic* landscape of Panghulo, on the other hand. ("Introduction" xvii)

Para kay Reyes, litrato ang nobela para sa isang panahong lumipas na. Pinahahalagahan niya ang nobela bilang dokumentong pangkasaysayan at hindi bilang isang tekstong nag-aambag sa diskursong pangkasaysayan.

Bagaman hindi ako lubos na tumataliwas sa mga naunang mga pagbasa nina Alaras, Mojares, Almario, at Reyes, nais kong ipaliwanag na hindi basta-basta ang paggamit ni Mariano ng kasaysayan sa kaniyang mga nobela. Malaking guwang ang naiiwan sa matagal na pagbabalewala sa halaga ng kasaysayan sa panulat ni Mariano, lalo na sa kaniyang mga nobela. Nais ikatwiran ng pagsusuring ito ang halaga ng nasabing salik upang lubos na mabigyang-halaga sa mga nobela. At sa ganito'y susuriin ang tatlong mga akda hindi lamang bilang mga nobela ng pag-ibig o nobelang panlipunan kundi bilang mga nobelang pangkasaysayan na may inilalahad na katwirang pangkasaysayan.

## ANG NAGBABAGONG EKONOMIKONG KALIGIRAN NG PILIPINAS NOONG IKA-19 SIGLO

Bagaman tama si Reyes sa pagsasabing hindi binanggit ang Pag-aalsa sa Cavite—ang isa sa mga pinakamahalagang pangyayaring pangkasaysayan noong 1872—sa *Ang Tala sa Panghulo*, hindi ito nangangahulugang wala nang sinasabi ang nobela tungkol sa kasaysayan. Ang tatlong nobela ni Mariano'y nagpipinta ng isang masalimuot na diskursong pangkasaysayan at hindi lamang nagsisilbing tagpuan.

Makikita ito sa magkahawig na sitwasyon ni Densio sa *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* at ni Pedro sa *Ang Tala sa Panghulo*. Kung tutuusi'y magkatulad ang pangunahing suliranin ng mga tauhan sa simula. Mabubuntis ni Densio si Pinang sa *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* tulad ng mabubuntis ni Pedro si Sinay sa *Ang Tala sa Panghulo*. Parehong itatakwil ng kani-kanilang ama sina Pinang at Sinay dahil sa kanilang pagbubuntis. Gayundin, pupuntang Iloilo si Densio upang doo'y maging platero. Si Pedro naman ay magiging platero din sa Iloilo pagkatapos niyang makalaya mula sa Balakbak. Kung titingna'y tila isang paunang borador ang nobelang *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* sa *Ang Tala sa Panghulo*. Ngunit magkaiba ang taon ng pagsisimula ng dalawang nobela, 1878 para sa *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* (kung pagbabatayan ang paglipas ng 20 taon sa nobela na magtatapos sa 1898) at 1872 para sa *Ang Tala sa Panghulo*. Bakit hindi pinagtugma ni Mariano ang panahon ng dalawang nobela? Sa isang pagbasa'y higit na gustong bigyang-tuon sa *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* ang Himagsikan dahil dito magtatagpo sina Densio, Pinang, at ang kanilang anak. Higit na nakatuon naman sa taong 1872 *Ang Tala sa Panghulo* dahil ito ang gagamitin ni Kapitan Lino na pagkakataon upang ipatapon si Pedro sa Balakbak.

Malay, kung gayon, si Mariano sa halaga ng mga taon na ito at pagtatangka ito na gawing higit na personal ang karanasan ng kasaysayan para sa mga tauhan at mambabasa. Kung ididiin ang isang alegorikong pagbasa, kinakatawan nina Densio at Pedro ang uring pinanggagalingan bukod pa sa pagkatawan sa sambayanang Pilipino. Maaaring basahin ang mga pangyayaring pangkasaysayan bilang katapat na karanasan para sa mga personal na karanasan ng mga tauhan. Na ang paghihirap nina Pedro at Sinay noong 1872 ay katapat ng panlipunang paghihirap na dinanas ng Pilipinas at ng mga Pilipino noong rurok ng pag-aalsa sa Cavite. Gayundin, ang muling pagtatagpo ng pamilya nina Densio at Pinang noong 1898 ay katapat ng tagumpay ng mga naghihimagsik na Pilipino.

Mahalaga rin ang pagbanggit sa pagiging platero nina Densio at Pedro at pagpunta nila sa Iloilo sa usaping pangkasaysayan. Ipinakikita nito ang ekonomikong pagbabago ng Pilipinas sa huling hati ng ika-19 na siglo. Unti-unting magbubukas ang Pilipinas sa kalakalang pandaigdig sa unang bahagi ng ika-19 na siglo na nagresulta sa paglago ng pagluluwas ng mga produktong agrikultural. Dahil dito'y nabuo ang bagong uri ng mayaman at edukadong mamamayan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas (Cullinane 10-12). Bagaman hindi lubos na nakaugat sa lumalagong sektor ng agrikultura ang pagtatayo ng platerya, ipinakikita nito ang pag-unlad ng ekonomiya sa paglakas ng kakayahan ng mga Pilipinong bumili ng mga luhong tulad ng alahas o tumangkilik sa mga aliwang tulad ng teatro (McCoy 308).

Sa ganito'y hindi basta-basta ang pagpili ni Mariano sa Iloilo bilang lugar kung saan maaaring makapagpundar sina Densio at Pedro ng bagong buhay. Magiging isa sa mga pangunahing lungsod sa Kabisayaan ang Iloilo. Magiging sentro sa paggawa ng tela noong unang hati ng ika-19 na siglo at daluyan ng asukal noong ikalawang hati ng ika-19 na siglo (306). Magiging mahalaga rin ang asukal mula sa Iloilo at Negros—kasama na ang asukal na galing sa Gitnang Luzon—para sa ekonomiya ng Pilipinas. Ayon kay O.D. Corpuz sa kaniyang *An Economic History of the Philippines*:

> *Since the mid-1850s into the 1860s, the opening of the ports of Iloilo and Cebu led to intensified interisland and foreign trade in the Visayas. The main export crops were abaca in the eastern islands, and sugar in the western part. Sugar cultivation led to: plantation operations based on virgin tracts of the crown lands in Negros island; a new agrarian relations system; and to a new elite of Visayas planter-families.* (197)

Ang pagpunta nina Densio at Pedro sa Iloilo ay mahalagang detalye sa banghay ng mga nobela ni Mariano subalit paglalahad din ng nagbabagong relasyong ekonomiko sa loob ng Pilipinas. Hindi lamang ang Maynila ang umuunlad kundi ang iba pang mga bahagi ng Pilipinas. Isa itong pagtatangka ni Mariano na iugat ang kaniyang mga kuwento ng pag-ibig sa kongkretong kaligirang ekonomiko't

pangkasaysayan. Alegoriko, kung gayon, ang paggamit sa pag-unlad nina Densio at Pedro sa Iloilo bilang representasyon sa pag-unlad ng Pilipinas.

## TUNGGALIANG PANLUPA AT ANG KAPANGYARIHAN NG BAGONG ELITE NG PROBINSIYA

Isa pang pagbabago ng pagbubukas ng ekonomiya sa pandaigdigang kalakalan, tulad ng nabanggit na ni Corpuz, ay ang epekto nito sa relasyong panlipunan partikular na sa usapin ng lupa. Sa pagtutok sa mga produktong agrikultura na maaaring iluwas sa ibang mga bansa, magkakaroon ng bagong uri ng panginoong maylupa. Dagdag nina Jim Richardson at Jonathan Fast sa kanilang *Roots of Dependency: Political and Economic Revolution in 19th Century Philippines*:

> *The new export economy put a premium on good cropland and the relative value of all land increased as commercialization proceeded. As value began to rise, land began to fall under the private control of mestizo planters and entrepreneurs, who were, in the main, of mestizo origin. The colonial government was not slow in reacting to this changed situation and the Spanish implemented legislation supportive of the landlord class. (*37)

Magdudulot ang pagkakalikha ng bagong gitnang uri ng mga bago ring mga tunggaliang panlipunan na nakaugat sa usapin ng lupa. Mag-e-empleo ang mga panginoong maylupa ng mga *inquilino* na mangungupahan at mamamahala sa mga lupain. Ang mga inquilino nama'y kukuha ng mga kasama na magtatrabaho sa lupa. Tatangkaing hulihin ni Mariano ang mga bagong tunggaliang ito sa *Juan Masili o Ang Pinuno ng Tulisan*. Sa paglago ng ekonomiyang agrikultural, lalago rin ang panunulisan noong ika-19 na siglo dahil sa mga tunggaliang may kinalaman sa lupa. Wika ni Greg Bankoff sa *Crime, Society, and the State in the Nineteenth-Century Philippines* tungkol sa Cavite:

> *As early as the 1820's, the intensity of banditry in Cavite can be directly related to changes in sharecropping agreements. Tenants who were forced to pay a fixed rent irrespective of yield rather than a percentage of the harvest turned to banditry around Imus between 1822 and 1828.* (63-64)

Dahil lubhang mahirap bayaran ang itinakdang renta, walang ibang pagpipilian ang maraming magsasaka kundi ang panunulisan. Sa sumunod na mga dekada'y lalawak ang aktibidad ng mga tulisan dahil na rin sa patuloy na paglaki't paglawak ng mga asyenda sa Gitnang Luzon at Timog Katagalugan lalo na ng mga pagmamay-ari ng mga prayle.

Sa ganitong konteksto namulat si Juan Masili sa isang panlipunang kamalayan. Mararanasan niya at ng kaniyang pamilya ang pagmamalupit sa kamay ni Kapitan Tiago. Wika ni Juan Masili:

> ¡Higantí at higantí ang sumusulak sa aking dibdib! Higantí sa mayamang gumagá sa aming pagaari at humalay sa puri ni iná; higantí sa mga *justiciang* hindí nagtangol sa nilupigan, kundi bagkús nagpahirap sa naapí. (11)

Nakaugat sa bagong ekonomikong kalagayan ang kapangyarihan ni Kapitan Tiago at sa kahinaan ng pamilya ni Juan Masili. Sa mga akdang pampanitikan at pangkasaysayan, ang lupain ng mga prayle ang naging pangunahing tuon ng usaping panlupa noong ika-18 at ika-19 na siglo. Ngunit kasabay ng paglawak ng mga lupain ng mga prayle ang paglago ng pagmamay-aring lupa ng mga mestisong may dugong Espanyol o Tsino (Cullinane 10-12). Ang uring ito ang magiging katunggali ng tulisang si Juan Masili sa halip na mga prayle. Sila ang tutukuyin sa *Juan Masili* bilang mga "tulisang bayan (16)." Sa pamamagitan ng malalim na kaalaman at ugnayan ng batas at kapital, gagamitin ng uring ito ang lahat upang makamit ang higit na kapangyarihan at kayamanan. Ang mga tulisan ang nagiging natatanging paraan upang labanan ang bagong kapangyarihang ito.

Bagaman hindi binabanggit sa *Ang Tala sa Panghulo* ang ugat ng kayamanan ni Kapitan Lino, mahihinuhang posibleng galing ito sa nasabing pamamaraan. Ito marahil ang dahilan kung kaya't masyado siyang nakatuon sa paghahanap ng karapat-dapat o mayamang mapapangasawa para kay Sinay.

## KABABAIHAN SA BAGONG EKONOMIYA

Makikita, kung gayon, ang epekto ng nagbabagong ekonomiya sa katayuan ng mga babae. Sa isang banda ay ipinakita ang tila kawalan ng kapangyarihan ng mga babae sa pagkatao nina Benita sa *Juan Masili* at Sinay sa *Ang Tala sa Panghulo*.

Parehong mga anak-mayaman, halos walang kapangyarihan ang dalawa na igiit ang kanilang gusto sa buhay at ipaglaban ang pag-ibig para sa mga lalaking kanilang tunay na minamahal. Tinitingnan lamang sila ng kanilang pamilya, lalo na ng kanilang mga ama, bilang mga instrumento ng pagpapatatag ng ugnayan sa pagitan ng mga makakapangyarihang maylupa sa pamamagitan ng kasal. Ang pagtingin o paggamit sa babae bilang mga bagay ay nakaugat sa piyudal at patriyarkal na kaayusan.

Sa kabilang banda ay ipinakikita rin ng mga nobela ni Mariano ang higit na malawak na kakayahan at kapangyarihan ng mga babaeng nagiging bahagi ng lumalagong kapitalistang ekonomiya ng ikalawang bahagi ng ika-19 na siglo. Kinakatawan ng pagiging sigarera ni Pinang sa *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* at ng pagiging tindera ni Berta sa *Ang Tala sa Panghulo* ang bagong ekonomikong kapangyarihan ng mga babae sa ika-19 na siglo.

Sa kaso ng pagiging sigarera ni Pinang, binibigyan siya nito ng kakayahang magbuo ng sarili niyang relasyong romantiko na hiwalay sa dikta ng kaniyang ama o ng tradisyonal na lipunan. Masasabing hindi magiging posible ang relasyon nila ni Densio kung hindi siya naging sigarera. Ayon kay Luisa Camagay sa kaniyang *Working Women of Manila in the 19th Century*:

> *One of the highlights in the life of Filipino women was their entry into the factory system introduced by the establishment of the tobacco monopoly in 1782. For the first time, the Filipino woman observed regular working hours, were subject to supervision and disciplinary measures and were accorded sick and maternity leave benefits.* (3)

Mahalaga ang naging epekto ng pagsali ng kababaihang Pilipino sa lakas-paggawa ng mga pabrika dahil nabigyan sila ng pagkakataon na kumita ng pera sa labas ng tahanan. Gayundin, magiging malay sila sa kanilang mga karapatan at kakayahan. Itatala ni Camagay, halimbawa, na magpapasimula at magtatagumpay ang pagwewelga ng mga sigarera sa Maynila noong 1816 (121-122).

Bagaman hindi itinala ni Mariano ang naging buhay ni Pinang bilang sigarera, makikita ang kaniyang lakas ng loob at mataas na pagtingin sa sarili sa paglabas pa lamang niya mula sa pabrika at sa pagharap sa suliranin ng pag-alis ni Densio at pag-iwan sa kaniya ng ama. Sa halip na maglupasay dahil sa sawing kapalaran, lilipat siya sa Paete upang magsimulang muli. Magagawa pa niyang mapaaral ang anak sa Maynila nang walang suporta mula kay Densio o sa ama.

Binibigyan naman si Berta ng mahalagang karanasan at kakayahan bilang tindera. Wika ulit ni Camagay:

> *The entrepreneurial spirit of Filipino women was observed and admired by foreign visitors of the 19th century. As tenderas and vendadoras, costureras and bordadoras, Filipino women supplemented the family income. It was even vaunted that the wealth of some Filipino families were built through the efforts and energies of Filipino women.* (124-125)

Bilang isang tindera, hindi lamang binibigyan si Berta ng tradisyonal na mga katangian ng babae—masipag, matiisin, mapag-alaga't mapag-aruga—kundi binibigyan din siya ng kalayaan at kakayahan na wala sa mga nakukulong sa patriyarkal na kalagayan. Maihahambing natin sa ganitong aspekto si Berta kay Lucia. Si Lucia'y natali sa kaniyang relasyon kay Tinong dahil wala siyang ekonomikong kakayahang lumaya mula sa kaniya. Ito ang dahilan kung bakit hinahabol niya si Luciano at kalauna'y magiging puta sa katapusan ng nobela. Dahil may ekonomikong kalayaan si Berta, hindi niya kailangang magpatali sa kahit na anong relasyon. Bagaman maaaring tingnan ang pamamakyaw ni Luciano sa mga tinda ni Berta bilang isang uri ng pagbili kay Berta mismo, may kalayaan si Berta na tanggapin o hindi ang mga ibinibigay ni Luciano. Kailangang tandaan na si Berta ang dumadayo sa Maynila mula Panghulo. Ibig sabihi'y maaaring piliin niya na hindi dalawin at bentahan si Luciano ng ampaw at ng iba pang mga paninda. Ang mobilidad ni Berta ay isang uri ng kalayaang wala kay Lucia at ng ibang mga babae sa kanilang panahon. Sa ganito'y tumataliwas ako sa interpretasyon nina Almario at Reyes na kinakatawan ng mga tauhan ang mga birtud na nakaugat sa "katutubong kaugalian." Sa aking pagsusuri, higit na moderno't kapitalista ang mga birtud o halagahin na kinakatawan ng mga tauhan, lalo na ng kababaihan.

Makikita rin ang ganitong ugnayan ng kapitalistang etika sa kapangyarihan at kalayaan ng kababaihan sa pagbagsak ng industiya ng tela sa Iloilo. Sa rurok nito noong kalagitnaan ng ika-19 na siglo, maraming babae ang naging bahagi ng industriya ng paggawa

ng tela (McCoy 303). Ngunit nang bumagsak ang industriya ng tela dahil sa kompetisyon sa telang bulak ng mga Ingles, lumago naman ang asukal bilang pangunahing produktong iniluluwas ng Iloilo. Sa ganito'y ang mga maylupa at mga kargador o *jornal* sa mga daungan ang nakinabang at naisantabi ang mga babae sa kanilang lugar sa ekonomiya ng Iloilo (308). Kaya't ang mga lalaking tulad nina Densio at Pedro ang nakinabang sa pagluluwas ng asukal.

## EDUKASYON AT KAMALAYANG PAMBANSA

Ang isa pang salik na makikita sa mga nobela ay ang papel ng edukasyon sa kamalayan ng mga tauhan lalo na sa kamalayang panlipunan at kamalayang makabayan tulad ng makikita sa *Juan Masili*. Malinaw ang pagkakaiba ng pamamalakad ni Juan kumpara sa ginagawa ng mga tulisan bago ang kaniyang pamumuno. Dati'y higit na madalas ang panghaharang sa daan at wala silang piniling mabibiktima. Ngayo'y bihira na nila itong gawin at sa halip ay dumalas ang panloloob sa mga bayan. Mahalaga ito dahil hindi na nakasalalay ang mga tulisan sa basta-bastang panghaharang sa daan ng kahit sino, mayaman man o mahirap. Tulad ng ginagawa ni Pating, mahalaga ang pagmamatyag at pagmamanman para sa kanilang pakay na pagnanakaw at panloloob sa mga bayan. Naging higit na organisado't pili ang kilos ng mga tulisan ni Juan. Kaya't mahalaga ring tumira ang mga tulisan sa mismong mga bayan upang makadagdag sa gagawing mga pagmamanman. Dahil dito, naging madali na rin para sa mga tulisan na dukutin ang mga anak na dalaga ng mga piling pamilya upang ipagpalit sa pera o ipatubos.

Kung babalikan ang kuwentong-buhay ni Juan, maaalalang ginahasa at tinanggalan ng puri ang kaniyang ina ng isang mayaman. Sa ganito'y maaaring tingnan bilang isang uri ng pagganti ang ginagawa ni Juan Masili at ng mga kasamang tulisan na pandurukot at pambibihag sa mga dalaga. Ngunit sa halip na gawin sa mga dalagang dinakip ang ginawa sa kaniyang ina, nasa sikolohikong antas ang pagganting ito. Hindi man nila ginagalaw o ginagahasa ang mga dalaga'y sapat na ang pandurukot at pambibihag upang matanggalan ng puri ang pamilya ng mga dalaga. Hindi kinakailangan ng pisikal na panggagahasa dahil sa isip ng mga tao'y nawalan na ng puri ang dalaga, kaya nawawalan ng dangal ang mayayamang pamilyang ito. Nangangahulugan ang ganitong taktika ng dalawang bagay. Una, ipinakikita at ipinamumukha ni Juan Masili ang kababawan ng kolonyal at makauring lipunang pinamumunuan ng mga "tulisang bayan." Pangalawa, ipinakikita ng pandurukot sa mga dalaga ang lubos na kahinaan ng pamilyang mayayaman. Hindi nila masasabing sila'y makapangyarihan kung maaaring makuha ang dapat ay pinakaiingatang miyembro ng pamilya.

Bagaman hindi binabanggit kung ano ang antas ng edukasyon ng ibang mga tulisan na kasama ni Juan Masili, ang edukasyong nakamit ni Juan sa Maynila ang isa sa mga pangunahing dahilan ng pag-iiba ng pamamaraan at taktika ng mga tulisan mula noong sumali siya't namuno sa mga ito. Sa isang banda'y isang moral na salik ang panunulisan para kay Juan Masili dahil binibigyan siya ng edukasyon ng pananaw o perspektiba upang unawain kung tama ba o mali ang isang panloloob o pandurukot. Sa kabilang banda'y may politikal na salik ito dahil nakatutulong ang kaniyang edukasyon para sa isang malinaw na tunguhing panlipunan. Para kay Juan Masili, may higit na mataas na tunguhin ang panunulisan—ang itama ang mali at makamit ang ekonomiko at panlipunang katarungan. Magiging isang paunang kilusan ang tulisanismo tungo sa higit na pambansang kilusang panlipunan. Hindi man hayag ngunit mahalagang detalye ang pagbanggit ng nobela na hindi na muling nabalitaan ang tungkol kay Juan Masili/Pedro Gatmaitan pagkatapos ng taong 1892, ang taon kung kailan itinatag ang Katipunan.

Dito makikita ang pagkakaiba ng pananaw ng *Juan Masili* sa ugnayan ng tulisanismo sa Katipunan kung ihahambing ito sa *Anino ng Kahapon* kung saan tuwiran ang puna sa mga tulisan (Cerda, "1890-1896" 170-172). Kung tiningnan ni Laksamana ang mga tulisan bilang makasarili at walang kamalayang panlipunan, ipinakita naman ni Mariano na ang laganap na noong tulisanismo ay posibleng basahin bilang paunang kilusang mapanghimagsik na humahawan ng daan tungo sa Katipunan. Dito ulit mahalagang bigyang-tuon ang ginampanan ni Juan Masili bilang tagapagbigay ng kamalayang panlipunan para sa mga tulisan. Maihahambing ito sa mga tagapagtatag ng Katipunan katulad nina Andres Bonifacio at Emilio Jacinto. Pare-pareho silang galing sa uring manggagawa ngunit mga manggagawang may naabot na edukasyon bagaman hindi katulad ng antas na naabot ni Jose Rizal o Antonio Luna

(Richardson 399-402). Binibigyang-halaga ni Jim Richardson ang edukasyong nakuha nina Bonifacio at Jacinto bilang mahalagang salik sa kanilang kamalayang panlipunan at makabayan. Ipinakikita ng nobela na nagawa na ni Juan Masili ang kaniyang trabaho bilang tagapagpamulat ng kaisipan at tagapag-organisa sa mga tulisan tungo sa higit na kolektibong kilos. Ngunit kakailanganin ng bagong kilusan, ang Katipunan, upang higit na makamit ng mga Pilipino ang katarungang kanilang hinahanap laban sa sistemang mapang-aping iniluwal ng kolonyalismo. Idinidiin ng nobela, kung gayon, ang lokal na ugat ng radikalismong Katipunan sa tulisanismo at, tulad ng pinatutunayan ng pagkakatagpo ni Jim Richardson ng mga unang borador ng mga dokumentong nagtatag sa Katipunan, sa mga lokal na intelektuwal at aktibistang hiwalay, bagaman may inspirasyon, mula sa Kilusang Propaganda (1-20).

## ANG KASAL NG MGA MANGINGIBIG, ANG MASAYANG PAMILYA, AT ANG TAGUMPAY NG BANSA

Ang nagbabagong ekonomikong kalagayan ng Pilipinas sa huling hati ng ika-19 na siglo ang ugat ng mga sigalot at tunggalian ng mga nobela ni Mariano. Lilikhain nito ang mga bagong anyo ng mga tunggaliang panlipunan kundi man palalalain ang mga naroroon nang tunggalian. Ito ang naglugmok Sa pamilya ni Juan Masili sa mga kamay ni Kapitan Tiago (*Juan Masili*); nagtulak kay Kapitan Lino na gustuhing makapangasawa ng mayaman si Sinay (*Ang Tala sa Panghulo*); nagresulta sa sapilitang pagpapakasal kay Benita kay Tininting Moneng (*Juan Masili*); at nakapaghiwalay kina Pinang at Densio dahil kinailangang umalis ni Densio patungong Iloilo (*Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak*).

Kung susundan ang argumento ni Doris Sommer sa *Foundational Fictions: The National Romances of Latin America* tungkol sa ugnayan ng personal na mga relasyo't pagnanasa at pambansang mithiin, may malinaw na ngayong ugnayan ang mga romantikong kuwento ng pag-ibig na kailangang bigyan ng resolusyon sa dinamikong daloy ng kasaysayan (41). Ang kasal ng mga mangingibig sa mga nobela ni Mariano'y kumakatawan sa pagtatangkang bigyan ng resolusyon ang mga tunggalian at suliraning dinanas ng mga tauhan. Sa ganito'y hindi hiwalay ang kuwentong pag-ibig sa kaligirang pangkasaysayan na inilalatag sa mga nobela.

Kinakatawan ng mga kasal ang pagtatangka ni Mariano na bigyan ng resolusyon ang mga suliraning panlipunan at pangkasaysayan. Sa *Juan Masili*, ang kasal nina Benita at Enrique ay pananagumpay ng pag-ibig laban sa makasariling interes ng mayayaman. Ang kasal at pagpapamilya nina Berta at Luciano sa *Ang Tala sa Panghulo* ay dulot ng pagsusumikap nina Pedro at Sinay para sa kanilang pag-ibig sa kabila ng pagtutol ni Kapitan Lino. Sa *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak*, ang kasal nina Pinang at Densio'y pananagumpay ng kanilang pag-ibig kasabay ng pananagumpay ng Hukbong Rebolusyonaryo laban sa mga Espanyol.

Kaugnay ng mga kasal ang pamilyang pinaghiwalay ng tadhana at naghahanap ng pagkakaisa. Higit na malinaw ang alegorya sa *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak* sa muling pinagkaisang pamilya sa pagkakaisang pambansa. Ang kakaibang damdaming naramdaman ni Densio para sa Koronel ay paghahalo ng pag-ibig na pampamilya para sa anak at pag-ibig na pangkapatiran para sa kababayan. At ang muling pagkakaisa ng pamilya sa dulo'y kumakatawan sa pagkakaisa't tagumpay ng bansang Pilipinas. Hindi man tuwiran ang makabayang mensahe sa pagkakaisa ng pamilya sa *Ang Tala sa Panghulo*, ang muling pagkikita nina Berta at Pedro ay kumakatawan sa tagumpay ng mahihirap sa kabila ng paniniil ng mayayaman.

## ALEGORYANG PANGKASAYSAYAN AT KATWIRANG PANGKASAYSAYAN SA MGA NOBELA NI PATRICIO MARIANO

Dahil sa pagbabalewala ng mga naunang kritiko sa halaga ng kasaysayan sa mga nobela ni Mariano, hindi rin nabibigyang halaga ang kasaysayan sa binubuong katwirang pangkasaysayan ni Mariano. Nailatag ko na sa ibang sanaysay ang kabuuang proseso ng pagsisiwalat ng katwirang pangkasaysayan ng isang akda (Cerda, "Sa Kabila ng Pagkatalo" 47-48). Bilang buod, makukuha ang katwirang pangkasaysayan ng isang akda gamit ang metodong alegoryang pangkasaysayan. Naisagawa ko na ang unang hakbang ng metodo: ang pagtukoy sa mga tauhan, tagpuan, at pangyayari sa mga kuwento na kinakatha sa mga nobelang pangkasaysayan at iniugnay ang mga ito sa kasaysayan upang makabuo ng isang partikular na bisyon at diskurso tungkol sa nakaraan. Ngayo'y kailangang magtungo sa susunod na hakbang: ang pag-ugat sa mga

nobela sa kaligirang pangkasaysayang nagluwal sa mga ito at unawain kung anong diskursong pangkasaysayan ang isinisiwalat tungkol sa kasalukuyan (panahon ng pagkakasulat sa mga nobela) at sa hinaharap. Sa ganito lamang mauunawaan ang katwirang pangkasaysayan ng mga akda ni Mariano.

Sa isang banda'y tama rin naman ang pag-uugnay ng mga naunang kritiko sa kaligirang pangkasaysayan kung kailan isinulat ang mga nobela ni Mariano: ang panahon ng pagtatag ng kolonyalismo at imperyalismong Amerikano sa Pilipinas. Sinasagot ng mga nobela ang katwiran ng mga Amerikano na hindi karapat-dapat ang mga Pilipino sa kalayaan at kasarinlan dahil hindi pa nila naaabot ang tamang sandali ng pag-unlad o pagsulong sa tuwid na daloy ng kasaysayan o kabihasnan. Dahil hindi sumusunod sa nasabing daloy ang mga nobela ni Mariano, nagpapakita siya ng ibang posibleng pagdanas at paglalatag ng kasaysayan. Kaya't kataka-taka sa mga kontemporaneong kritiko't mambabasa ang paggamit ni Mariano ng mga tagpuan at sandaling pagkasaysayan sa kaniyang mga nobela. Dahil ang inaasahan nila ay isang sanhi-bungang relasyon ang tauhan sa kasaysayan, nagmumukhang paimbabaw o pandagdag lamang ang kasaysayan sa mga kuwento ng pag-ibig. Sa halip, hinarap ni Mariano ang mga suliranin ng uri, kasarian, at kamalayang makabayan sa pagtatanghal sa parehong personal at panlipunang salik. Ibig sabihi'y maaaring magkakasabay na maranasan ng mambabasa ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap, lalo na kung gamit ang metodo ng alegoryang pangkasaysayan.

Ipinakita niya na ang pagsulong na hinihingi ng mga Amerikano'y makikita na sa mga huling dekada ng kolonyalismong Espanyol. Malinaw sa halimbawa ng *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak*, ang halaga ng mga birtud ng mga tauhan sa gitna ng kolonyalismo sa pag-usbong ng kamalayang makabayan sa gitna naman ng himagsikan noong 1898. Sa *Juan Masili* rin ay nananatili ang halaga ng kamalayang pangkasaysayan bilang katuwang sa pag-unawa sa tunggaliang panlipunan sa panahon man ng kolonyalismong Espanyol o imperyalismong Amerikano at ipinakikita ang isang progresibong kamalayang panlipunan bago pa man ang 1892. Pinahahalagahan naman ng *Ang Tala sa Panghulo* ang nagbabagong kaligiran ng Maynila at karatig na mga bayan—mga lugar na dumaranas ng malaking mga pagbabago dulot ng pandaigdigang merkado sa Pilipinas—bilang mahalagang salik sa pagpapanday ng bagong mga kaugaliang higit na malapit sa makabago't progresibong ugnayan sa pagitan ng mga kasarian at mga uri. Sa ganitong pagpapakita ng modernidad ng nakaraan, ang kolonyalismo't imperyalismong Amerikano ay hindi isang pagsulong kundi isang pag-urong sa daloy ng kasaysayan. Ngunit dahil titingnan ang alegorya bilang makaluma o di-realistikong pamamaraang pampanitikan, naisasantabi o naikakahon ang mga akda ni Mariano bilang mga nobela ng pag-ibig o nobelang panlipunan lamang. Nawawala ang kamalayang pangkasaysayan na ginagamit ni Mariano upang ikatwiran ang isang diskursong makabayan dahil ipinagpupumilit sa kaniyang mga nobela ang isang sanhi-bungang pagtingin sa kasaysayan.

Kailangan ngayong mauunawaan ang pag-iwas ng mga nobela sa mahahalagang pangyayaring pangkasaysayan na nagtutungo sa panahon ng kolonyalismong Amerikano. Wala sa mga nobela ang lumampas sa taong 1898. Susi sa pag-unawa ni Mariano sa diskursong pangkasaysayan ang isang pangyayari sa dulo ng *Ang Tala sa Panghulo*. May metafictional na sandali rito kung kailan pinag-iisipan ng tagapagsalaysay o manunulat kung tatapusin ba niya sa pagkamatay sa kolera ang mga tauhan ng nobela. Malay si Mariano na malapit ang panahon ng nobela sa panahon ng pagkalat ng kolera sa Pilipinas noong 1888-1889 (de Bevoice 175). Ngunit bakit niya piniling tapusin ang nobela sa masayang katapusan para kina Luciano, Berta, at Mang Pedro at sa malungkot na katapusan para kina Lucia at Tinong? Bukod pa sa isang moralistikong mensahe para sa pananagumpay ng mabuti sa masama, ang metafictional na pagmumuni ng tagapagsalaysay ay isang paggigiit sa kapangyarihan at halaga ng pagkatha ng sariling salaysay. Bagaman hindi tuwirang patungkol sa usapin ng kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas, ang pagpili ng *Ang Tala sa Panghulo* ng isang masayang katapusan ay isang paggigiit ng kakayahan ng taong kathain ang kaniyang sariling kasaysayan.

Pesimistikong rebisyonismo ba ito o isang optimistikong pag-asam na darating din ang panahon na magagawa ng mga Pilipino na kathain ang sarili nilang tadhana? Hindi ito tuwirang sinasagot ng *Ang Tala sa Panghulo* o maging ng iba pang mga nobela ni Patricio Mariano. Bagaman kailangang tandaan na sa taong 1913 kung kailan nalathala ang *Ang Tala sa Panghulo*, namamayani ang optimismo sa hanay ng mga Pilipino dahil sa pagkapanalo ng Democratic Party sa eleksiyon sa Kongreso ng

Estados Unidos noong 1912 at sa pagkapangulo ni Woodrow Wilson. Sa pagkapanalo ng mga Democrat ay naging higit na maluwag at bukas ang pamahalaang kolonyal sa reporma tungo sa direksiyon ng kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas dahil ito ang kanilang plataporma. Sa ngayo'y mahihinuha lamang ang optimismong ito sa *Ang Tala sa Panghulo*.

Kung ano man ang pangunahing tunguhin ng bawat nobela ni Mariano, kinakatawan ng panulat ni Mariano ang nagbabagong himig at katangian ng diskursong makabayan ng unang dalawang dekada ng kolonyalismong Amerikano. Tulad ng ginawang pagsusuri ni Ramon Guillermo sa "Taas ng Diwa, Linaw ng Katwiran at Sarap ng Salita" tungkol sa "Balagtasan sa Lumang Usapin" nina Jose Corazon de Jesus at Amado V. Hernandez, makikita sa mga nobela ang dalawang tendensiya sa usaping makabayan ng mga Pilipino sa pagitan ng himagsikan at kapayapaan (14-17). Sa isang banda, pinahahalagahan ni Mariano ang dakila't marahas na pinagdaanan ng mga manghihimagsik upang maabot ang kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas at maging ang isang makatwirang pamamalakad ng lipunan. Sa kabilang banda, bukas si Mariano sa pagtanggap sa ipinapangako ng mga Amerikanong "legal" at "mapayapang" paraan ng pagkamit ng kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas. Ngunit sa kabila ng pagiging bukas ni Mariano sa isang mapayapang landas, iginigiit niya ang halaga ng isang kamalayang pangkasaysayan bilang paghahanda sa darating na kalayaan at kasarinlan ng Pilipinas. Gayundin, idinidiin ni Mariano ang mga suliraning panlipunan na kailangan pa ring harapin ng lipunang Pilipino—lalo na sa usaping panlupa at pangkasarian—upang maging lubos na handa't karapat-dapat para sa kalayaan at kasarinlan. ◆

## MGA SANGGUNIAN


Alaras, Consolacion R. Paunang Salita. *Ang Tala sa Panghulo*, ikalawang edisyon, ni Mariano. Maynila: R. Martinez & Sons, 1972. i-x. Limbag.

Almario, Virgilio S. "Ang Nobela Bilang Tatsulok ng Pag-ibig." *Unang Siglo ng Nobelang Filipino*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2009. 116-22. Limbag.

Bankoff, Greg. *Crime, Society, and the State in the Nineteenth-Century Philippines*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1996. Limbag.

Camagay, Ma. Luisa. *Working Women of Manila in the 19th Century*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press at UP Center for Women Studies, 1995. Limbag.

Cerda, Christoffer Mitch C. "Sa Kabila ng Pagkatalo: Ang Uring Tagagabay, Katwirang Pangkasaysayan, at ang Diskurso ng Kasarinlan at Kalayaan sa *Ang Singsing ng Dalagang Marmol* ni Isabelo de los Reyes," *Philippine Humanities Review* 22 (2020): 44-58. Onlayn. 25 Nob. 2021.

---. "1890 - 1896: Ang Diskurso ng Lahi at Rasismo ng Kolonyalismo at ang Suliranin ng Pambansang Pagkakaisa sa *Anino ng Kahapon* ni Francisco Laksamana." *Talas: Interdisciplinary Journal in Cultural Education* 4 (2021): 153-189. Onlayn. 25 Nob. 2021.

Corpuz, O.D. *An Economic History of the Philippines*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1997. Limbag.

Cullinane, Michael. *Ilustrado Politics: Filipino Elite Responses to American Rule, 1898-1908*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2003. Limbag.

de Bevoise, Ken. *Agents of Apocalypse: Epidemic Disease in the Colonial Philippines*. Princeton University Press, 1995. *Project Muse*. Onlayn. 25 Nob. 2021.

Escasa, Nenita. "Si Patricio Mariano at ang Kasiningan ng Kanyang mga Dula." *Philippine Studies* 19.2 (1971): 321-40. Limbag.

Fast, Jonathan at Jim Richardson. *Roots of Dependency: Political and Economic Revolution in 19th Century Philippines*. Lungsod Quezon: Foundation for Nationalist Studies, 1979. Limbag.

Galang. R. "Mariano, Patricio." *CCP Encyclopedia of the Arts,* 2nd edition, pinatnugutan ni Nicanor Tiongson, Tomo 9. Maynila: Cultural Center of the Philippines, 2017. 678-679. Limbag.

Guillermo, Ramon. "Taas ng Diwa, Linaw ng Katwiran at Sarap ng Salita: Ang Balagtasan sa Pangangatwirang Bayan." *Hasaan* II (2015): 1-18. Onlayn. 25 Nob. 2021.

Mariano, Patricio. *Juan Masili o Ang Pinuno ng Tulisan*. Maynila: Libreria Luzonica, 1906. Limbag.

---. *Ang Bunga ng Nalantang Bulaklak*. Maynila: Fajardo, 1908. Limbag.

---. *Ang Tala sa Panghulo*, ikalawang edisyon. Maynila: R. Martinez & Sons, 1972. Limbag.

---. *The Star of Panghulo.* Salin ni Soledad S. Reyes. Lungsod Naga: Ateneo de Naga University Press, 2018. Limbag.

McCoy, Alfred W. "A Queen Dies Slowly: The Rise and Decline of Iloilo City." *Philippine Social History: Global Trade & Local Transformations*. Mga pat. Alfred W. McCoy at Ed. C. de Jesus. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982. 297-358. Limbag.

Mojares, Resil B. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1987. Limbag.

Reyes, Soledad S. *Ang Nobelang Tagalog, 1905-1975: Tradisyon at Modernismo*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982. Limbag.

---. "Love Spurned and the Role of Class in Three Tagalog Novels (1913-1933)." *Retrieving the Past/ Recuperating the Voice*. Maynila: University of Santo Tomas Publishing House, 2017. 97-150. Limbag.

---. Introduction. *The Star of Panghulo* ni Mariano. Salin ni Soledad S. Reyes. Lungsod Naga: Ateneo de Naga University Press, 2018. ix-xix. Limbag.

Richardson, Jim. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2013. Limbag

Sommer, Doris. *Foundational Fictions: The National Romances of Latin America*. Berkeley: University of California Press, 1991. Limbag.

Tiongson, Nicanor, pangkalahatang pat., *CCP Encyclopedia of the Arts*, 2nd edition. Maynila: Cultural Center of the Philippines, 2017. 12 Tomo. Limbag.

Si CHRISTOFFER MITCH C. CERDA ay guro sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nagtapos siya ng BFA Creative Writing at MA Panitikang Filipino sa parehong pamantasan at ng Ph.D. Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Inilathala ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at Ateneo Insititute of Literary Arts and Practices (AILAP) bilang bahagi ng UBOD New Authors Series II ang kaniyang chapbook ng mga maikling kuwento na pinamagatang Paglalayag Habang Naggagala ang Hilaga at Iba Pang Kuwento. Maaari siyang makontak sa ccerda@ateneo.edu.